Petsa ng Bersyon: 2026/07/08

*Babala: Sa paggamit ng impormasyong ito, dapat maingat na pangasiwaan at protektahan ang anumang personal na impormasyon alinsunod sa mga kaugnay na probisyon ng Personal Data Protection Act.

# ________Taon Programa ng Pagbabakuna Laban sa Influenza

## Paaralan：

Ang paaralan ay may kinontratang medikal na pangkat ng lalawigan/lungsod ng Kagawaran ng Kalusugan, at nakatakdang magsagawa ng pagbabakuna laban sa influenza o trangkaso para sa mga sumusunod na mag-aaral sa _________ (taon/buwan/araw/oras). Amin pong ipinagbibigay-alam at hinihiling ang inyong pahintulot. Pagkatapos ninyong basahin ang abisong ito tungkol sa pagbabakuna, mangyaring sagutin at ibalik ang form ng pahintulot kung kayo ay sumasang-ayon o hindi sumasang-ayon sa pagbabakuna sa paaralan bago ang takdang oras ng pagsusumite na _________ (taon/buwan/araw/oras). Maraming salamat sa inyong suporta at pakikipagtulungan.

*Ang itinakdang petsa ng pagbabakuna ay maaaring magbago dahil sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng kalamidad o emerhensiya, o sa kinakailangan na pag-ayon sa mga administratibong proseso kaugnay sa pagbabakuna. Kung kinakailangan mabago ang itinakdang petsa ng pagbabakuna dahil sa mga nabanggit na pangyayari, ang namamahalang yunit ang siyang mag-aabiso tungkol sa panibagong petsa ng pagbabakuna at siya rin ang mangangasiwa na matiyak ang pagpapatupad ng pagbabakuna. Kung sakaling magbago ang inyong pasya tungkol sa pagbabakuna, maaari kayong magsumite ng panibagong form ng pahintulot upang i-update ang inyong desisyon sa yunit na nangangasiwa sa survey ng pagsang-ayon sa pagbabakuna.

Paaralan：　　taon/buwan/araw(_ _ _ _/_ _/_ _)

Departamento/Kurso：

Baitang：　　Numero ng Upuan/Student ID：

Pangalan：

菲律賓文版

校園流感

Sumasang-ayon

Aking nabasa ang mga tagubilin sa pagbabakuna at nauunawaan ko ang bisa ng proteksyon, mga side effect, kontraindikasyon, at mga paalala ng bakuna laban sa influenza/trangkaso. Kumpirmado ko rin na ang tatanggap ng bakuna ay walang anumang kontraindikasyon sa pagbabakuna ayon sa nakasaad sa mga tagubilin sa pagbabakuna.

Lagda ng taong sumasang-ayon sa pagbabakuna sa paaralan

### Sariling ebalwasyon bago ang pagbabakuna

| | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nagkaroon na ba kayo ng malubhang allergic na reaksyon sa bakuna laban sa influenza/trangkaso o sa anumang sangkap ng iba pang bakuna, tulad ng pagpapantal sa buong katawan, hirap sa paghinga, o anaphylactic shock? | ☐ | ☐ |
| 2. Nagkaroon na ba kayo ng malubhang masamang reaksyon matapos magpabakuna laban sa influenza/trangkaso, tulad ng Guillain-Barré syndrome (GBS)? | ☐ | ☐ |
| 3. Na-evaluate na ba kayo ng isang doktor na hindi kayo dapat magpabakuna laban sa influenza/trangkaso? | ☐ | ☐ |

Mangyaring kunan ng larawan ang nilalaman ng frame para sa record

Paaralan：　　taon/buwan/araw(_ _ _ _/_ _/_ _)

Departamento/Kurso：

Baitang：　　Numero ng Upuan/Student ID：

Pangalan：

菲律賓文版

校園流感

Hindi sumasang-ayon

Aking nabasa ang mga tagubilin sa pagbabakuna at nauunawaan ko ang bisa ng proteksyon, mga side effect, kontraindikasyon, at mga paalala ng bakuna laban sa influenza/trangkaso. Kumpirmado ko rin na ang tatanggap ng bakuna ay walang anumang kontraindikasyon sa pagbabakuna ayon sa nakasaad sa mga tagubilin sa pagbabakuna.

Lagda ng taong hindi sumasang-ayon sa pagbabakuna sa paaralan

### Dahilan sa hindi pagsang-ayon：

Mangyaring kunan ng larawan ang nilalaman ng frame para sa record

# Paunawa sa Libreng Bakuna Kontra Influeza (Trangkaso o Flu)

## I. Pagkilala sa Influeza at Bakuna Kontra Influenza

- **Kahulugan ng Influeza:** Galing sa (Influeza Virus) na nagdudulot ng matinding sakit sa paghinga, may mga sintomas na mas malala at mas matagal kaysa karaniwang sipon.
- **Mga Sintomas:** Lagnat, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan o kasukasuan, pagkapagod, sipon, pananakit ng lalamunan, at ubo.
- **Mga Komplikasyon:** Pulmonya, impeksiyon sa gitnang tainga, sinusitis, encephalitis, encephalopathy, myocarditis, at Reye's syndrome. Sa malalang sitwasyon, maaari itong humantong sa kamatayan.
- **Paraan ng Pagkalat:** Kumakalat ang influenza sa pamamagitan ng respiratory droplets na mula sa pag-ubo o pagbahing. Maaari ring mahawa kapag humawak sa mga bagay o surface na kontaminado ng influenza virus at pagkatapos ay hinawakan ang bibig o ilong.
- **Kailan ito Nakakahawa:** 1 araw bago lumitaw ang mga sintomas hanggang 3–7 araw pagkatapos magkasakit.
- **Bakuna Laban sa Influenza:**
  1. **Uri:** Inactivated vaccine / Hindi aktibong bakuna
  2. **Sangkap:** Naglalaman ng antigen na inirerekomenda ng World Health Organization (WHO) para sa kasalukuyang taon.
  3. **Epekto ng Proteksiyon:** Nabubuo ang proteksyon pagkatapos mabakuna ng 2 linggo at tumatagal ng humigit-kumulang 1 taon.
  4. **Kaligtasan:** Ang bakuna ay gawa sa patay na virus kaya hindi ito nagdudulot ng influenza.
- **Kahalagahan ng Pagpapabakuna Laban sa influenza para sa mga Mag-aaral sa Paaralan:** Ang mga mag-aaral ay mas madaling kapitan ng impeksiyon ng influenza at kadalasan sila rin ang unang nagkakasakit sa panahon ng epidemya. Sila rin ay karaniwang na tagapaghawa at tagapagkalat ng influenza virus. Ang pagpapabakuna laban sa influeza para sa mga mag-aaral ay hindi lamang epektibong nagpapababa ng tsansa na mahawaan sila ng influenza at ng gastusing medical kapag nagkasakit, nakatutulong din ito upang mabawasan ang pagkalat ng virus. Sa ganitong paraan, napoprotektahan rin ang mga high-risk na grupo tulad ng mga matatanda at maliliit na bata, at nababawasan ang kanilang panganib na magkaroon ng malulubhang komplikasyon dahil sa impeksiyon.

## II. Dosis, pagitan ng bakuna, at paraan ng pagbabayad

Ang mga mag-aaral ay tatanggap ng 0.5 ml dosis ng influenza vaccine kada bakuna Sa kadahilan na ang mga influenza virus na kumakalat sa bawat taon ay maaaring hindi pare-pareho, **kinakailangan ang muling pagpapabakuna kada taon.**

**Para sa mga batang may edad 6 na buwan hanggang wala pang 9 na taon, ang paraan ng pagpapabakuna ay nakadepende sa edad at nakaraang kasaysayan ng pagbabakuna:**

| Medical record ng bakuna sa influenza / Grupo ng edad | Hindi pa nababakunahan | Nakapagpabakuna ng 1 dosis | Nakapagpabakuna na ng 2 dosis |
|---|---|---|---|
| 6 na buwan pataas hanggang wala pang 3 taon gulang | 2 dosis (May pagitan na 4 na linggong pataas) | | 1 dosis |
| 3 taon gulang pataas hanggang wala pang 9 taon gulang | 2 dosis Note (May pagitan na 4 na linggong pataas) | 1 dosis | |
| Wala pang 9 taon gulang ngunit pumapasok na ng paaralan o 9 taon gulang pataas | 1 dosis Note | | |

Note: Para sa mga mag-aaral sa elementarya na kailangang tumanggap ng 2 dosis, maaaring magpabakuna ng ikalawang dosis sa isang medikal na pasilidad sa sariling gastos, hindi bababa sa 4 na linggo matapos matanggap ang unang dosis sa paaralan.

Maaaring sabay na ibigay ang bakuna laban sa influenza kasama ng iba pang klaseng bakuna sa magkaibang bahagi ng katawan, o ibigay sa anumang pagitan ng oras. Ang mga bakunang ibinibigay ngayong taon ay gawa o inaangkat ng Adimmune Corporation, GlaxoSmithKline (Sangay sa Taiwan), Taiwan TTY Biopharm Co., Ltd., Sanofi Taiwan Co., Ltd., at Medigen Vaccine Biologics Corporation na gawa sa medical factory nila o import. Ang bisa at kaligtasan ng limang uri ng bakuna ay sumusunod sa mga kinakailangan sa pagpaparehistro ng Food and Drug Administration ng Ministry of Health and Welfare ng Taiwan, at ang mga ito ay aprubado para sa paggamit/pag-angkat. Ang pamamahagi ng bakuna ay isinasagawa ayon sa pagkakasunod-sunod ng pagdating o pag deliver ng mga vaccine. Para sa mga mag-aaral na tumatanggap ng bakuna sa paaralan sa pamamagitan ng sabayang

pagbabakuna, isang dosis ng bakunang na pinopondohan ng pamahalaan na ganap na ibinibigay nang walang bayad. Gayunpaman, kung hindi makakapagpabakuna sa itinakdang araw, kailangang dalhin ang abiso mula sa paaralan at magpabakuna sa itinalagang pasilidad medikal, at sasagutin ng mag-aaral ang kaukulang gastusing medikal.

# III.Ang bisa ng bakuna

Ang bisa ng bakuna laban sa influenza ay nakadepende kung gaano katugma ang mga strain ng bakuna sa mga aktwal na virus na kumakalat sa taong iyon, gayundin sa edad at kalagayan ng kalusugan ng tao. Sa karaniwan, ito ay nasa humigit-kumulang 30% hanggang 80%. Para sa mga may edad 18 pataas, ang proteksiyon laban sa pagkaospital dahil sa kumpirmadong influenza ay humigit-kumulang 48%, at ang proteksiyon laban sa malubhang kaso na nangangailangan ng intensive care unit (ICU) ay maaaring umabot sa 82%. Ang bisa ng bakuna laban sa influenza sa mga bata at kabataang may edad 6 na buwan hanggang wala pang 18 taon ay katulad rin sa mga matatanda.

# IV.Mga Bawal at Paalala sa Pagbakuna

## Mga Bawal sa Pagbakuna

I. Kapag mayroon alam na malubhang allergy sa anumang sangkap ng bakuna ay hindi dapat pabakunahan.
II. Mga dati nang nakaranas ng malubhang hindi kanais-nais na reaksyon pagkatapos magbakuna ay hindi rin dapat tumanggap ng bakuna.

## Mga Paalala sa Pagbakuna

I. Ang mga kasalukuyang may lagnat, o may katamtamang o malubhang sakit, ay dapat maghintay hanggang maging maayos ang kanilang kondisyon bago magpabakuna.
II. Ang mga sanggol na wala pang 6 na buwan ay hindi maaaring bakunahan dahil walang sapat na klinikal na datos tungkol sa kaligtasan at bisa ng bakuna sa edad na ito.
III. Ang mga nagkaroon ng Guillain-Barré syndrome (GBS) sa loob ng 6 na linggo matapos magpa bakuna laban sa influenza ay dapat suriin muna ng doktor bago magpabakuna ulit.
IV. Ang mga itinuring ng doktor na hindi angkop para sa pagbabakuna ay hindi dapat tumanggap ng bakuna.

# V. Mga karaniwang reaksyon ng mga kabataan habang nagpapabakuna

Ang pagkahimatay sa turok ay isang pisyolohikal na reaksyon na dulot ng sikolohikal na stress at takot. Karaniwan ito ay pagkahilo o pagduduwal. Wala itong kaugnayan sa kaligtasan ng bakuna at ano mang pangmatagalang epekto. Sa mga sabayang pagbabakuna ng kabataan, maaari itong minsang mangyari habang binabakunahan. Para maiwasan ang pangyayaring ito, inirerekomenda na iwasan ang pagpunta sa bakuna nang walang laman ang tiyan o habang dehydrated, mag-relax sa pamamagitan ng pakikinig sa musika o pakikipag-usap, at magpabakuna habang nakaupo. Pagkatapos magpabakuna, dapat manatiling nakaupo o nakahiga sa lugar at maingat na obserbahan sa loob ng 15 minuto upang maiwasan ang pagkahimatay at pagbagsak. Kung mangyari mang may maramdaman na parang hihimatayin, agad na humiga o umupo at magpahinga, at ipaalam sa mga tauhang medikal. Kung magpapatuloy ang mga sintomas, kailangang magpatingin sa doktor para sa pagsusuri at gamutan.

# VI. Pangangalaga Pagkatapos Magpabakuna

**(I) Paliwanag tungkol sa kaligtasan ng bakuna:**

1. **Mga normal na reaksyon:** Maaaring magkaroon sa bahagi ng tinurukan ng pananakit, pamumula, o pamamaga, banayad na lagnat, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, o pagduduwal. Karaniwan itong nawawala nang kusa sa loob ng 1–2 araw.
2. **Malubhang reaksyon:** Napakabihira (katulad ng anaphylactic shock), karaniwang lumalabas sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos magpabakuna.
3. **Recomendasyon sa mga may allergy sa itlog:** Ayon sa mga internasyonal na pag-aaral at rekomendasyon ng World Health Organization (WHO), ang mga may allergy sa itlog ay maaaring ligtas na magpabakuna laban sa influenza. Ang panganib ng allergic reaction ay hindi tumataas sa mga may kasaysayan ng allergy sa itlog.
4. **Rekomendasyon para sa buntis:** Ipinapakita ng kasalukuyang mga pag-aaral at ulat ng World Health Organization (WHO) na ang pagpapabakuna ng inactivated na bakuna laban sa influenza sa panahon ng pagbubuntis ay hindi nagpapataas ng panganib ng masamang kaganapan sa pagbubuntis o sa sanggol.
5. **Bihirang panganib sa nervous system:** May mga napakabihirang ulat na nagbanggit ng mga sintomas sa nervous system (tulad ng Guillain-Barré syndrome). Gayunpaman, maliban sa ilang partikular na taon ng bakuna, wala pang tiyak na estadistikang ebidensya na nagpapatunay ng direktang ugnayan

nito sa pagpapabakuna laban sa influenza.

## (II) Mga paalala pagkatapos magpabakuna:

1. **Pag obserba sa kalagayan:** Pagkatapos magpabakuna, dapat magpahinga sa tabi at obserbahan sa loob ng 15 minuto.
2. **Mga may abnormalidad sa pamumuo ng dugo:** Para sa mga umiinom ng anticoagulant na gamot o may karamdaman sa pamumuo ng dugo, dapat idiin ang lugar ng tinurukan nang hindi bababa sa 2 minuto pagkatapos magpabakuna at obserbahan kung may pagdurugo.
3. **Kaagaran na magpatingin sa doktor:** Kung ang lagnat ay tumagal nang higit sa 48 oras, o kung may pagbabago sa kamalayan, hirap sa paghinga, o mabilis na tibok ng puso, agad na magpatingin sa doktor. Dapat ipaalam sa doktor ang kasaysayan ng pagbabakuna at sabay na ipagbigay-alam sa mga guro o kinauukulan sa paaralan.
4. **Panatilihin ang mabuting kalinisan:** Kahit nakapag bakuna laban sa influenza, posible pa ring magkaroon ng iba pang impeksiyon sa paghinga. Ipagpatuloy ang mabuting kalinisan upang mapangalagaan ang kalusugan.